



Update

Ano ang nasa loob

Impormasyon para sa mga taong nagtatrabaho	1
Impormasyon para sa mga makakatanggap ng benepisyo ng Social Security	2
Impormasyon para sa mga nakatanggap ng programang Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad) (SSI)	3
Impormasyon para sa mga nasa Medicare	3
Pakikipag-ugnayan sa Amin	5

Ang update na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa buwis, benepisyo, at halaga ng Social Security para sa 2023. Ayon sa batas, awtomatikong nagbabago ang ilang numero bawat taon para makasabay sa mga pagbabago sa antas ng presyo at sahod.

Impormasyon para sa mga taong nagtatrabaho

Mga buwis ng Social Security at Medicare

Buwis na binabayaran ng empleyado/employer (bawat isa) sa Social Security:

- Sa 2022, 6.2% ng kita na aabot sa \$147,000
- Sa 2023, 6.2% ng kita na aabot sa \$160,200

Buwis na binabayaran ng self-employed sa Social Security:

- Sa 2022, 12.4%* ng kita na aabot sa \$147,000
- Sa 2023, 12.4%* ng kita na aabot sa \$160,200

Mga buwis na binabayaran ng empleyado/employer (bawat isa) sa Medicare:

- Sa 2022, 1.45% ng lahat ng kita
- Sa 2023, 1.45% ng lahat ng kita

Mga buwis na binabayaran ng self-employed sa Medicare:

- Sa 2022, 2.9%* ng lahat ng kita
- Sa 2023, 2.9%* ng lahat ng kita

**Maaaring mabawasan ng mga probisyon ng buwis sa kita*

Mga kredito sa trabaho

Kapag nagtabaho ka, nakakaipon ka ng kredito sa benepisyong ng Social Security. Nakadepende sa edad at uri ng benepisyong inaaplayan mo ang bilang ng mga kreditong kailangan mo para maging karapat-dapat para sa mga benepisyong ng Social Security. Makakaipon ka ng hanggang sa 4 na kredito bawat taon. Nangangailangan ng 40 na kredito ang karamihan sa mga tao para maging kuwalipikado para sa mga benepisyong pagreretiro.

- Sa 2022, makakakuha ng isang kredito ang \$1,510
- Sa 2023, makakakuha ng isang kredito ang \$1,640

Impormasyon para sa mga makakatanggap ng benepisyong ng Social Security

Mga limitasyon sa kita

Sa ilalim ng pederal na batas, ang mga tumatanggap ng mga benepisyong sa Social Security, at hindi pa umabot sa buong edad ng pagreretiro, ay may karapatan na matanggap ang lahat ng kanilang benepisyong hangga't nasa ilalim ng mga limitasyong nakasaad sa ibaba ang kanilang kita. Para sa mga ipinanganak ng 1943 hanggang 1954, 66 ang kompletong edad ng pagreretiro. Unti-unting tumataas ang buong edad ng pagreretiro bawat taon hanggang umabot ito sa edad na 67 para sa mga ipinanganak noong 1960 pataas.

Kung umabot ka na sa edad para magretiro pataas:

- Sa 2022, walang limitasyon sa kita
- Sa 2023, walang limitasyon sa kita

Kung wla ka pa sa edad para magretiro, hindi namin ibibigay ang \$1 mula sa mga benepisyong para sa bawat \$2 na sumubra sa limitasyon.

- Sa 2022, ang limitasyon ng kita ay \$19,560
- Ngayong 2023, ang limitasyon ng kita ay \$21,240

Sa taong maabot mo ang edad para magretiro, hindi namin ibibigay ang \$1 mula sa mga benepisyong para sa bawat \$3 na sumubra sa limitasyon.

- Sa 2022, ang limitasyon ng kita ay \$51,960
- Sa 2023, ang limitasyon ng kita ay \$56,520

Mga limitasyon sa kita ng mga benepisyaryong kapansanan: Kung nagtatrabaho ka habang nakakatanggap ng mga benepisyong sa kapansanan, dapat mong sabihin sa amin ang tungkol sa mga kinikita mo gaano man ito kaliit. Maaaring walang limitasyon ang kita mo sa panahon ng pagsubok na trabaho na hanggang sa 9 na buwan (hindi kinakailangang tuloy-tuloy) at makakatanggap ka pa rin ng buong benepisyong. Kapag nakumpleto mo na ang iyong 9 na buwan na panahon ng pagsubok sa trabaho, tutukuyin namin kung karapat-dapat ka pa rin sa mga benepisyong sa kapansanan. Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa iba pang mga insentibo sa trabaho para matulungan kang gawin ang transisyon pabalik sa trabaho.

Limitasyon ng kita para sa Substantial Gainful Activity para sa mga benepisyaryong hindi bulag:

- Sa 2022, ang limitasyon ng kita ay \$1,350 bawat buwan
- Sa 2023, ang limitasyon ng kita ay \$1,470 bawat buwan

Limitasyon ng kita para sa Substantial Gainful Activity para sa mga benepisyaryong bulag:

- Sa 2022, ang limitasyon ng kita ay \$2,260 bawat buwan
- Sa 2023, ang limitasyon ng kita ay \$2,460 bawat buwan

Limitasyon ng kita para sa mga benepisyaryong may kapansanan na nakikibahagi sa Trial Work Period:

- Sa 2022, ang limitasyon ng kita ay \$970 bawat buwan
- Sa 2023, ang limitasyon ng kita ay \$1,050 bawat buwan

Impormasyon para sa mga nakatanggap ng programang Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad) (SSI)

Buwanang pederal na pagbabayad sa SSI (maximum)

Maximum na buwanang pederal na pagbabayad sa SSI para sa isang indibidwal:

- Sa 2022, \$841
- Sa 2023, \$914

Maximum na buwanang pederal na pagbabayad sa SSI para sa isang mag-asawa:

- Sa 2022, \$1,261
- Sa 2023, \$1,371

Mga limitasyon sa buwanang kita

Limitasyon ng buwanang kita para sa mga indibidwal kumikita lang dahil sa suweldo:

- Sa 2021, \$1,767
- Sa 2022, \$1,913

Limitasyon ng buwanang kita para sa mga indibidwal na hindi galing sa suweldo ang kita:

- Sa 2022, \$861
- Sa 2023, \$934

Limitasyon ng buwanang kita para sa mga mag-asawa na kumikita lang dahil sa suweldo:

- Sa 2022, \$2,607
- Sa 2023, \$2,827

Limitasyon ng buwanang kita para sa mga mag-asawa na hindi galing sa suweldo ang kita:

- Sa 2022, \$1,281
- Sa 2023, \$1,391

TANDAAN: Kung may kita ka, mas mababa kaysa sa pinakamataas na pederal na bayad sa SSI ang iyong buwanang benepisyo sa pangkalahatan. Tandaan, dapat mong iulat sa amin ang lahat ng kita mo. Nagdaragdag ng pera ang ilang estado sa pederal na pagbabayad ng SSI. Kung nakatira ka sa isa sa mga estadong ito, maaaring kwalipikado ka para sa mas mataas na bayad. Maaaring mas malaki ang kita mo kaysa sa mga limitasyong ipinahiwatig at maaaring kwalipikado ka pa rin.

Impormasyon para sa mga nasa Medicare

Tumataas ang ngayong taon ang karamihan sa gastos sa Medicare para sumabay sa tumataas na halaga ng pangangalaga sa kalusugan.

Insurance sa Ospital (Bahagi A)

Sa unang 60 araw sa ospital, magbabayad ang pasyente ng:

- Sa 2022, \$1,556
- Sa 2023, \$1,600

Sa ika-61 hanggang ika-90 araw sa ospital, magbabayad ang pasyente ng:

- Sa 2022, \$389 bawat araw
- Sa 2023, \$400 bawat araw

Paglampas ng 90 araw sa ospital, magbabayad ang pasyente ng:

- Sa 2022, \$778 bawat araw
- Sa 2023, \$800 bawat araw

Sa unang 20 araw sa isang pasilidad na dalubhasa sa pangangalaga, magbabayad ang pasyente ng:

- Sa 2022, \$0
- Sa 2023, \$0

Sa ika-21 hanggang ika-100 araw sa pasilidad na dalubhasa sa pangangalaga, magbabayad ang pasyente ng:

- Sa 2022, \$194.50 bawat araw
- Sa 2023, \$200 bawat araw

Bahagi A Premium Buy-In: Ang halaga ng premium na babayaran mo para makabili ng Medicare Bahagi A ay nakadepende sa bilang ng naipon mong kredito mula sa Social Security. Kung mayroon kang:

- 40 kredito, ang halaga ng Bahagi A na premium buy-in sa 2022 ay \$0
- 40 kredito, ang halaga ng Bahagi A na premium buy-in sa 2023 ay \$0
- 30-39 kredito, ang halaga ng Bahagi A na premium buy-in sa 2022 ay \$274 bawat buwan
- 30-39 kredito, ang halaga ng Bahagi A na premium buy-in sa 2023 ay \$278 bawat buwan
- Wala pang 30 kredito, ang halaga ng Bahagi A na premium buy-in sa 2022 ay \$499 bawat buwan
- Wala pang 30 kredito, ang halaga ng Bahagi A na premium buy-in sa 2023 ay \$506 bawat buwan

Insurance sa Medikal (Bahagi B)

Bahagi B Premium

- Sa 2022, \$170.10 bawat buwan
- Sa 2023, \$164.90 bawat buwan**

Deductible

- Sa 2022, \$233 bawat taon
- Sa 2023, \$226 bawat taon

Pagkatapos bayaran ng pasyente ang deductible, babayaran ng Bahagi B ang 80% ng mga saklaw na serbisyo.

TANDAAN: Kung makakuha ka ng Medicare at maliit lang ang kita mo, maaaring bayaran ng estado ang iyong Medicare premium at sa ilang pagkakataon, ang mga deductible mo at ang iba pang out-of-pocket na mga gastusing medikal. Kontakin ang iyong lokal na ahensiyaa ng medical assistance (Medicaid), social services, o welfare office para sa higit pang impormasyon.

**Ang karaniwang buwanang premium ay \$164.90. Nagbabayad ng mas mataas na premium ang ilang may mas malaking na kita.

Pakikipag-ugnayan sa Amin

May ilang paraan upang makipag-ugnayan sa amin, gaya ng online, sa telepono, at personal. Narito kami para sagutin ang mga tanong mo at para paglingkuran ka. Sa loob ng mahigit 85 taon, nakatulong ang Social Security na gawing matiwasay ang kasalukuyan at kinabukasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong tao sa kanilang paglalakbay sa buhay.

Bisitahin ang aming website

Ang pinakamaginhawang paraan para magsagawa ng gawain sa Social Security ay online sa www.ssa.gov (available sa wikang Ingles at Espanyol). Marami kang magagawa. Available lang sa wikang Ingles ang ilan sa mga serbisyong ito. Para tulungan kang magsagawa ng gawain sa Social Security,

- Mag-apply para sa Extra Help with Medicare prescription drug plan costs (Ekstrang Tulong sa mga gastusin sa plano sa inireresetang gamot ng Medicare) (available lang sa wikang Ingles).
- Mag-apply para sa karamihang uri ng benepisyo (available lang sa wikang Ingles).
- Humanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon (available sa iba't ibang wika).
- Masagot ang mga madalas itanong (available sa wikang Ingles at Espanyol).

Kapag gumawa ka ng isang personal na *my* Social Security account (available lang sa wikang Ingles), mas marami ka pang magagawa.

- Repasuhin ang iyong *Social Security Statement* (Pahayag ng Social Security).
- Beripikahin ang iyong mga kinita.
- Kumuha ng mga pagtaya ng mga benepisyo sa hinaharap.
- Mag-print ng sulat ng beripikasyon ng benepisyo.
- Baguhin ang iyong impormasyon ng direktang deposito.
- Humiling ng kapalit na Medicare card.
- Kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S.
- Humiling ng kapalit na Social Security card, kung wala kang pagbabago at nakikibahagi ang iyong estado.

Maaaring maging limitado ang iyong pag-access sa iyong personal na *my* Social Security account para sa mga gumagamit sa labas ng Estados Unidos.

Tumawag sa amin

Kung hindi mo magamit ang aming mga online na serbisyo, matutulungan ka namin sa telepono kapag tumawag ka sa iyong lokal na opisina ng Social Security o sa aming Pambansang Numerong toll-free na 800. Nagbibigay kami ng libreng mga serbisyo ng interpreter kapag hiniling. Mahahanap mo ang impormasyon ng iyong lokal na opisina sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong ZIP code sa aming webpage ng tagahanap ng opisina (bagama't ang tagahanap ng lokal na opisina ay available lang sa wikang Ingles, maaari mong ilagay ang iyong zip code para mahanap ang pinakamalapit na lokal na opisina).

Maaari kang tumawag sa amin sa **1-800-772-1213** — o sa aming numero ng TTY, **1-800-325-0778**, kung ikaw ay bingi o mahina ang pandinigmakarinig — sa pagitan ng 8:00 a.m. – 7:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes. **Ang oras ng paghihintay para makausap ang isang kinatawan ng**

Social Security ay karaniwang mas maikli tuwing Miyerkules hanggang Biyernes o sa bandang hapon. Para sa aming mga libreng serbisyo ng interpreter, manatili sa linya at manatiling tahimik sa panahon ng aming mga hudyat na English voice automation, hanggang sumagot ang isang kinatawan ng Social Security. Makikipag-ugnayan ang kinatawan ng Social Security sa isang interpreter para tumulong sa iyong tawag.

Nag-aalok din kami ng maraming awtomatikong serbisyo sa telepono sa Ingles at Espanyol, available 24 na oras kada araw, kaya hindi mo kailangang makipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security. Kung mayroon kang mga dokumentong kailangan naming makita, tandaan na dapat orihinal ang mga ito o mga kopya na sertipikado ng ahensya na nag-isyu.



Securing today
and tomorrow

Social Security Administration
Publication No. 05-10003-TL I January 2023 (Amended)
Update

Update (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ginawa at inilathala sa gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.